# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ________________________________ Petsa __________________ Marka $\frac{\quad}{20}$

## Mga sagot sa Kayarian ng pang-uri

*Panuto:* Salungguhitan ang pang-uri sa pangungusap at tukuyin ang kayarian nito. Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang pang-uri ay *payak*, **M** kung ito ay *maylapi*, **I** kung ito ay inuulit, at **T** kung ito ay *tambalan.*

1. __**M**__ Ang gusaling iyon ay kasintaas ng bundok!
2. __**I**__ Nakita ko sa labas ang basahan na pira-piraso.
3. __**P**__ Nais niyang tumira sa bayan na payapa.
4. __**T**__ Abot-kaya na ngayon ang mga paninda niya.
5. __**I**__ Humingi ng tulong sa kanyang kaibigan ang babaeng litung-lito.
6. __**M**__ Nakahanda na ba ang mga dadalhin mo sa paaralan?
7. __**T**__ Hindi nakikipag-away si Regina dahil pusong-mamon siya.
8. __**P**__ Totoo ang mga sinabi niya sa iyo.
9. __**I**__ Malayung-malayo ang bayan ng San Felipe mula dito.
10. __**T**__ Ang talento niya ay bukod-tangi kaya may mga humahanga sa kanya.
11. __**P**__ Ang mga isdang binebenta riyan ay sariwa.
12. __**M**__ Ang anak ni Ginang Ramos ay mapagbigay.
13. __**I**__ Libu-libong mamamayan ang nasasalanta ng mga bagyo.
14. __**T**__ Pantay-balikat ang baha sa Mindanao dahil sa bagyo.
15. __**M**__ Umiinom siya ng bitamina dahil sakitin siya.
16. __**M**__ Hindi niya makakasundo ang lalaking palabiro.
17. __**I**__ Ang watawat ng Pilipinas ay kitang-kita mula sa kinatatayuan ko.
18. __**P**__ Bago ang mga kagamitan nila sa bahay.
19. __**I**__ Wala kang mauutang sa akin dahil walang-wala rin ako.
20. __**T**__ Taos-puso ang kanyang paghingi ng paumanhin sa iyo.